# Ang Puso ng Masunuring Alagad
## A Lord's Flock Worship Service Topic
Ni: Fr. Sheldon Tabile, O. Carm.
Hulyo 18, 2026

Ang pagsunod ay karaniwang tungkol sa pagtalima sa mga tuntunin. Subalit ayon sa Kasulatan, ang pagsunod ay may matibay na pundasyon sa Diyos. Siya ang gumagawa ng unang hakbang – tumatawag Siya, nagkakaloob at lumalakad kasabay natin. Kaya naman, ang pagsunod ng isang alagad ang nagiging tugon ng ating puso. Ang Diyos ang nagpapasimula; ang Diyos ang sumasama; kaya't nagkukusa ang ating pusong sumunod sa Diyos.

1. "***Ang lahat mong mga utos ay aking susundin, dahilan sa pang-unawang ibibigay mo sa akin***" (Ps. 119:32).
    1.1. Ang biyaya ng Diyos ay paulit-ulit na ibinubuhos at patuloy na lumalago. Kaya, habang lumalago ang ating pananalig, lumalawak din ang ating pang-unawa.
    1.2. Bago ang pagsunod, may pakikinig, paggawa at pagiging minahal. Habang lumalago tayo sa pagsunod, lumalaki ang ating puso at lalo pa itong sumusunod.
    1.3. Para sa mga magulang na nahihirapang pasunurin ang kanilang mga anak, maaaring hindi nakarating ang kanilang pagamamahal. Ang kawalan ng kakayahang sumunod ay sumasalamin sa kawalan ng pagmamahal.
2. **Limang Galaw ng Masunuring Puso:**
    2.1. Pagtitiwala. Sabay tayong lumakad patungo sa pangakong hindi pa nakikita.
    2.2. Pakikinig. Magsalita ka Panginoon, sapagkat nakikinig ang iyong lingkod.
    2.3. Ipinagkakatiwala. Safe ang ating paglalakbay dahil sa nakakubling kalakbay.
    2.4. Pagpapayag. Ang ating masayang pagsang-ayon ay pinapangunahan ng biyaya.
    2.5. Pagsusunog. Nag-ugat ang isang misyon mula sa salubungan sa daan.
3. **Pusong Nagtitiwala: Abraham – ang katuwang sa tipan (Gen 12:1-4; 22:1-19)**
    3.1. Ang Diyos ang unang kumikilos. Biglang pumasok ang Diyos sa buhay ni Abraham. Ang Kanyang utos (pumunta sa isang hindi alam na patutunguhan) ay binalot sa loob ng isang regalo (gagawin siyang isang malaking bansa). Katulad nito, biglang nangungusap ang Diyos sa mga oras na hindi Siya tinatawag.
    3.2. Sumasama ang Diyos. Kapag tumawag Siya, may kasamang regalo.
    3.3. Ang pagtibok ng puso. Kung tinatawag tayo ng Diyos, bibigyan Niya tayo ng paraan para magawa natin ito (Gen. 22:14).
4. **Pusong nakikinig: Samuel - ang lingkod na nakikinig (1 Sam. 3:1-10)**
    4.1. Ang Diyos ang nagpapasimula. Tinawag si Samuel bago pa niya makilala ang Diyos.
    4.2. Kasama natin ang Diyos. Ang presensya ng Diyos ay hindi nakasalalay sa ating mga gawa, kundi sa pag-ibig Niya sa atin.
    4.3. Ang tibok ng puso. Si Samuel ay may pusong nakikinig. "Mangusap ka Panginoon" ang pinagmulan ng bawat masunuring puso. Maging available tayo kung saan tayo gagabayan ng Diyos.
5. **Pusong Nagtitiwala: Tobias – ang sinamahang paglalakbay** (Tobit 5-6:12)
    5.1. Ang Diyos ang nagpapasimula. Narinig ang mga panalangin nina Tobit at Sara; isinugo si Arkanhel Raphael.
    5.2. Kasama natin ang Diyos. Si Raphael, bilang Azariah, ay naglakad kasama nila. Ang pagsunod ay nangyayari nang may kasama.
    5.3. Ang tibok ng puso. Ang lakas ng loob at pag-asa ay nanggagaling sa mga taong ipinadala ng Diyos na gumabay sa atin.
6. **Maria - ang pusong nagsasabing "Maganap Nawa" (Luke 1:26-38)**
    6.1. Ang Diyos ang nagpapasimula. Ang Diyos ang nauuna at nagbibigay-kakayahan.
    6.2. Kasama natin ang Diyos. Binigyan si Maria ng kasama, si Elizabeth. Kasama natin ang Panginoon bago simulan ang gawain.
    6.3. Ang tibok ng puso**.** Ang pagsang-ayon ni Maria na 'maganap nawa' ang nagpabago sa kanyang pagninilay tungo sa isang masayang paghahandog ng sarili.
7. **Emmaus- ang umaalab na puso (Lk. 24:13-35)**
    1. Ang Diyos ang nagpapasimula. Sumabay si Jesus sa mga alagad sa kawalan ng pag-asa.
    2. Kasama natin ang Diyos. Naglakad Siya, nakinig, at iginalang ang kanilang kalayaan.
    3. Ang tibok ng puso**.** Kahit walang tahasang utos, ang mga alagad ay biglang nagbago mula sa "pagiging mabagal maniwala" tungo sa pagkakaroon ng "nag-aalab" na misyon.

**Konklusyon:** Ang Diyos ang unang nagsasalita. Lumalakad Siya kasama natin, binubuksan Niya ang ating tainga at nananatili sa atin. Tumugon tayo: "Narito ako. Mangusap ka Panginoon. Mangyari nawa sa akin."

**Pagninilay:**
1. Sa anong daan ka naglalakad ngayon kasama ang Panginoon?
2. Anong isang salita ang hinihintay Niyang marinig mula sa iyong puso?
3. Sino ang mga taong biglang dumating at nag-ambag sa buhay na iyong pinili?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida Cruz
Na-Edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #Alagad #Pagsunod,#Puso
https://lordsflock.org/teachings/digests/